## Ang ika-20 LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT PARA MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG COVID 19

Ang Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Setyembre 28, 2021

## Re: Pagtugon sa Pagtanggal ng "State of Emergency" ng Gobiyerno ng Japan

Opisyal na ipinahayag ng Gobiyerno na ang "State of Emergency" ay tatanggalin sa Setyembre 30. Bilang pagtugon sa Pahayag na ito ng Gobiyerno;

**Ang pagsuspinde ng mga pagdiriwang ng misa kasama ang kongregasyon ay tatanggalin na sa Biyernes, Oktubre 1. Kayo ay hihilingin na kunin ang mga Gawain ng Parokya at susundin ang mga "Gawaing Pag-iingat" na nakasulat sa aking ika-14 na Liham para sa panahong ito**.

Ang pagpapahayag ng Gobiyerno ay hindi naggagarantiya na hihinto na ang pagkalat ng Covid 19. Bagama't ang desisyon ay nanggaling sa matagumpay na progreso ng mga bakuna, dapat ipagpatuloy ang pag-iingat sa pamamagitan ng pagsisikap na mapigilan ang paglaganap ng virus, e.g., pagkakaroon ng social distancing.

## Pansamantalang tatlong pangkalahatang mga instruksiyon

1. **Ang mga misa kasama ang kongregasyon ay pinahintulutan isang beses sa Linggo, at dagdag ang misa bawat Sabado ng gabi (bihilya sa misa sa Linggo).**

   **Mahalaga para sa lahat na dumalo sa misa isang beses sa isang buwan, at kung kailangan, pinapayagan na magmisa dalawang beses sa bawat Linggo.**

2. **Ang mga misa kasama ang kongregasyon ay papayagang maipagdiwang sa Japanese lang, o Japanese na may parte ng mga pagbasa at/o parte ng panalangin ng bayan sa salitang dayuhan.**

3. **Imumungkahi sa inyo na isuspinde ang mga gawain ng parokya maliban sa napakamahalagang pagtitipon sa pagpapatakbo at pangangalaga ng parokya (kasama ang paglilibing).**

**(Makakatanggap kayo ng ibayong mga instruksiyon kung sakaling dumami ang paglaganap ng kaso ng Covid sa nakakatakot na lebel)**